ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PELIKULANG PANGKASAYSAYAN: PAGSASANAY SA PANUNURING PAMPANITIKAN AT PAGHUBOG SA PAGKATAO AT PAGPAPALALIM SA PAG-UNAWA NG MGA MAG-AARAL

**Shalli Mae Arroyo Blaza**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong saliksikin ang Pelikulang Pangkasaysayan: Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan, Paghubog sa Pagkatao, at Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral". Sinuri ang katatayuan ng pelikulang pangkasaysayan at antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan. Tinukoy din ang antas ng paghubog sa pagkatao at pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Binigyang pansin ang antas ng pagganap batay sa pagsusulit. Maging ang makabuluhang kaugnayan sa paghubog sa pagkatao, pagpapalalim sa pag-unawa, at pagganap ng mga mag-aaral. Kasama rin sa pag-aaral ang makabuluhang kaugnayan sa pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa paghubog ng pagkatao, pagpapalalim sa pag-unawa at ang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral ay nabanggit sa baryabol.*

*Gumamit ang pag-aaral ng Dekriptibo-korelasyon na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa apatnapu't tatlong (43) piling mag-aaral mula sa Calamba Bayside Integrated School, sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan at pagsusulit bilang mga pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, standard deviation at Pearson Product–Moment Correlation upang makalap ang mga datos.*

*Batay sa mga resulta, ipinakita na mataas ang katatayuan at antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pelikulang pangkasaysayan sa lahat ng dimensyon. Natukoy din na mataas ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral at pagpapalalim sa pag-unawa. Gayundin, ang pagganap ng mga mag-aaral. Sa usapin ng ugnayan, natuklasan na may makabuluhang ugnayan ang pelikulang pangkasaysayan sa paghubog at pagpapalalim sa pag-unawa. Samantala, walang makabuluhang kaugnayan ang pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, ang pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa paghubog, pagpapalalim sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral.*

*Napatunayan na, may makabuluhang kaugnayan ang pelikulang pangkasaysayan sa panunuring pampanitikan sa paghubog ng pagkatao, at pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral kung kaya ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Bilang konklusyon, ang pelikulang pangkasaysayan ay epektibong daluyan ng edukasyon at mahalagang bahagi ng panunuring pampanitikan na nakatutulong sa paghubog ng makabuluhang kaalaman sa mga mag-aaral. Samantalang, walang makabuluhang kaugnayan ang pelikulang pangkasaysayan sa pagganap, paghubog sa pagkatao at pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, lumitaw na ang pelikulang pangkasaysayan ay walang makabuluhang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang haypoteses ay tinatanggap. Nangangahulugan ito, na nangangailangan ng mas malawak at mas sistematikong pamamaraan sa paggamit ng pelikula upang maging epektibo itong pantulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at akademikong kasanayan.*

*Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng pelikulang pangkasaysayan sa pagtuturo, kasama ang mas pinayamang estratehiya sa panunuring pampanitikan upang higit pang mapalalim ang pag-unawa at paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA***: Pelikulang Pangkasaysayan, Panunuring Pampanitikan, Paghubog sa Pagkatao, Pagpapalalim sa Pag-unawa, Pagganap ng mga Mag-aaral*

## 1. PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon, mas bukas ang mga mag-aaral sa iba't ibang midyum ng pagkatuto. Bagamat tradisyonal na nakatuon sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ang mga makrong kasanayan, unti-unting kinikilala ang panonood bilang mabisang kasangkapan sa paglinang ng kaalaman at kamalayan. Ayon kina Geraldizo et al. (2023), ang panonood ay "powerful tool for quickly understanding a discussion" at epektibo sa iba't ibang estilo ng pagkatuto.

Partikular na ang paggamit ng pelikulang pangkasaysayan ay may mas malalim na bisa sa edukasyon. Ipinapakita nito ang mga aral ng nakaraan, mga tauhan, pangyayari, simbolismo, at mga pagpapahalaga na maaaring hindi ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral sa tradisyunal na pamamaraan lamang. Gayunpaman, isa sa mga suliranin ay kung paano epektibong nagagamit ang pelikula sa silid-aralan upang mahubog ang pagkatao ng mag-aaral at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa panunuring pampanitikan at kontemporaryong isyung panlipunan.

Ang mga pelikulang historikal ay mabisang instrumento ng kasaysayang pampubliko at may mahalagang gampanin sa pagpapalaganap ng kamalayang pangkasaysayan. Sa pamamagitan ng mga pagpapahalaga, aral, at karanasang ipinapakita sa pelikula, natutulungan ang mga mag-aaral na mahubog ang tamang asal, pananaw, at pagpapahalaga, at mapalalim ag kanilang pag-unawa sa lipunan at kultura.

Dahil dito, layunin ng pananaliksik na Pelikulang Pangkasaysayan: Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan at Paghubog sa Pagkatao at Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral na tuklasin ang potensiyal ng pelikula bilang instrumento hindi lamang ng aliw kundi ng aktibong pagkatuto, kritikal na pagninilay, at pagpapalalim sa kamalayan at paghubog ng makataong pananaw. Ang mga temang historikal at moral na inilalahad sa pelikula ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makita ang kanilang sarili sa kwento ng iba, na nagbubunga ng empatiya, pagkamulat sa lipunan, at mas malalim na kamalayang kultural.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang Pelikulang Pangkasaysayan: Pagsasanay sa Panunuring

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Pampanitikan Paghubog sa Pagkatao at Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang katatayuan ng Pelikulang Pangkasaysayan batay sa:
   1.1 Tauhan;
   1.2 Tagpuan;
   1.3 Diyalogo;
   1.4 Nilalaman;
   1.5 Teorya/Dulog; at
   1.6 Simbolismo?
2. Ano ang antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan batay sa:
   2.1 Bisa ng pelikula sa Damdamin;
   2.2 Bisa ng pelikula sa Pag-iisip;
   2.3 Bisa ng pelikula sa Kaasalan; at
   2.4 Bisa ng pelikula sa Lipunan?
3. Ano ang antas ng paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral batay sa:
   3.1 Pagkakakilanlan sa Sarili;
   3.2 Pagpapahalaga;
   3.3 Empatiya;
   3.4 Panlipunang Kamalayan; at
   3.5 Paglinang ng Damdamin?
4. Ano ang antas ng kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa:
   4.1 Deskriminatibo na pag-unawa;
   4.2 Kaswal na pag-unawa;
   4.3 Komprehensibong pag-unawa;
   4.4. Pagpapasya at Paninindigan;
   4.5 Kritikal na Pag-unawa?
5. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit?
6. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pelikulang Pangkasaysayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral?
7. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pelikulang Pangkasaysayan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral?
8. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pelikulang Pangkasaysayan sa pagganap ng mga mag-aaral?
9. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral?
10. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral?
11. May makabuluhang epekto ba ang pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng Dekriptibo-korelasyon na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa apatnapu't tatlong (43) piling mag-aaral mula sa Calamba Bayside Integrated School, sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan at pagsusulit bilang mga pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, standard deviation at Pearson Product–Moment Correlation upang makalap ang mga datos.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Pelikulang Pangkasaysayan at Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa paghubog sa pagkatao at pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral at makabuluhang epekto sa pagitan ng ng Pelikulang Pangkasaysayan at Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral. Ipinapakita rin sa kabanatang ito ang paghahambing ng mga resulta mula sa iba't ibang dimensyon ng pag-aaral—kasama ang antas ng paghubog sa pagkatao, pag-unawa sa mga temang pangkasaysayan, at pagganap sa mga gawaing pampaaralan.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa Tauhan, Tagpuan**,** Diyalogo**,** Nilalaman, Teorya/Dulog, at Simbolismo.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 1**

***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Tauhan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang pagkakaiba ng tauhan sa pelikula at sa totoong kasaysayan.* | 4.67 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang papel ng mga tauhan sa kabuuang daloy ng pelikula.* | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy kung alin sa mga tauhan ang may mabuting impluwensiya sa kasaysayan.* | 4.88 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag kung paano nagbago ang katauhan ng pangunahing tauhan sa pelikula.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakauugnay sa mga tauhan sa pelikula ang maaaring maganap sa kasalukuyan.* | 4.81 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng Talahanayan 1 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng tauhan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng mga tauhan sa pelikula sa paglinang ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Natutukoy kung alin sa mga tauhan ang may mabuting impluwensiya sa kasaysayan" (M=4.88, SD=0.39), na nagpapakita na epektibong nagiging gabay ang mga tauhan sa paghubog ng pagpapahalaga at moral na paghatol ng mga mag-aaral. Kasunod nito, mataas din ang mean sa "Nakauugnay sa mga tauhan sa pelikula ang maaaring maganap sa kasalukuyan" (M=4.81, SD=0.45), na nagpapakita ng paglinang sa kritikal at replektibong pag-iisip. Gayundin, ang "Naipaliliwanag kung paano nagbago ang katauhan ng pangunahing tauhan sa pelikula" (M=4.72, SD=0.50) at "Nakikilala ang pagkakaiba ng tauhan sa pelikula at sa totoong kasaysayan" (M=4.67, SD=0.57) ay nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa sa karakter at historikal na katotohanan. Samantala, ang "Nailalarawan ang papel ng mga tauhan sa kabuuang daloy ng pelikula" (M=4.63, SD=0.54) ay nagpapakita rin ng pag-unawa sa kabuuang naratibo ng pelikula.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa tauhan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.47, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa paggamit ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog ng kanilang pagkatao.

**Talahanayan 2**
***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Tagpuan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalalaman ang mga pagbabago sa panahon at lugar na inilarawan sa pelikula.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapansin kung paano nakaaapekto ang tagpuan sa kilos at damdamin ng mga tauhan.* | 4.67 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang tagpuan upang mas maunawaan ang kalagayang panlipunan noon.* | 4.67 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang tagpuan sa mga totoong pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay-linaw ang tagpuan sa pelikula sa konteksto ng mga makasaysayang pangyayari.* | 4.65 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.69 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 2 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng tagpuan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng tagpuan sa pelikula sa paglinang ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kontekstong historikal at panlipunan. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nalalaman ang mga pagbabago sa panahon at lugar na inilarawan sa pelikula" (M=4.72, SD=0.45) at "Naiuugnay ang tagpuan sa mga totoong pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas" (M=4.72, SD=0.45), na nagpapakita na nagiging malinaw sa mga mag-aaral ang ugnayan ng tagpuan at kasaysayan. Kasunod nito, ang "Napapansin kung paano nakaaapekto ang tagpuan sa kilos at damdamin ng mga tauhan" (M=4.67, SD=0.52) at "Nakatutulong ang tagpuan upang mas maunawaan ang kalagayang panlipunan noon" (M=4.67, SD=0.52) ay nagpapakita ng paglinang sa pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at karanasan ng mga tauhan. Samantala, ang "Nagbibigay-linaw ang tagpuan sa pelikula sa konteksto ng mga makasaysayang pangyayari" (M=4.65, SD=0.57) ay nagpapakita rin ng mas malinaw na pag-unawa sa historikal na konteksto ng pelikula.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa tagpuan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.69 at standard deviation na 0.48, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa papel ng tagpuan bilang mahalagang elemento sa pelikulang pangkasaysayan. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang kanilang kritikal na pag-iisip, empatiya, at pagpapahalaga sa kasaysayan, na nagiging batayan ng mas makabuluhang pagkatuto at paghubog ng pagkatao.

**Talahanayan 3**
***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Diyalogo***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naitatala ang mga makabuluhang pahayag na maaaring pag-isipan o pagnilayan.* | 4.56 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng epektibong diyalogo na salungat sa paniniwala o panig ng mga tauhan.* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapahiwatig ang mga linya ng mga tauhan batay sa damdaming naaayon sa konteksto ng kasaysayan.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang diyalogo upang maunawaan ang aral na nais iparating ng pelikula.* | 4.72 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahatid nang malinaw ng mga diyalogo ang saloobin at kaisipan ng mga tauhan.* | 4.56 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.64 | | |
| *SD* | 0.52 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng Talahanayan 3 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng diyalogo.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng diyalogo sa pelikula sa paglinang ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aral at kaisipang ipinapakita sa kasaysayan. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagpapahiwatig ang mga linya ng mga tauhan batay sa damdaming naaayon sa konteksto ng kasaysayan" (M=4.79, SD=0.41), na nagpapakita na epektibong naipapakita ng diyalogo ang damdamin at kontekstong historikal ng mga tauhan. Kasunod nito, ang "Nakatutulong ang diyalogo upang maunawaan ang aral na nais iparating ng pelikula" (M=4.72, SD=0.59) ay nagpapakita ng paglinang sa pag-unawa sa mensahe ng pelikula. Gayundin, ang "Nagpapakita ng epektibong diyalogo na salungat sa paniniwala o panig ng mga tauhan" (M=4.58, SD=0.50) at "Naitatala ang mga makabuluhang pahayag na maaaring pag-isipan o pagnilayan" (M=4.56, SD=0.59) ay nagpapakita ng paglinang sa kritikal na pag-iisip. Samantala, ang "Naihahatid nang malinaw ng mga diyalogo ang saloobin at kaisipan ng mga tauhan" (M=4.56, SD=0.59) ay nagpapakita ng epektibong pagpapahayag ng ideya at damdamin sa pamamagitan ng diyalogo.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa diyalogo ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.64 at standard deviation na 0.52, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa paggamit ng diyalogo bilang mahalagang elemento ng pelikulang pangkasaysayan. Bukod dito, ang paggamit ng diyalogo ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapalalim ang kanilang kritikal na pag-iisip, mapalawak ang kanilang pananaw sa kasaysayan, at mapagtibay ang kanilang pagpapahalagang makabayan.

**Talahanayan 4**
***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Nilalaman***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapupulot ng aral mula sa mga isyung tinalakay sa pelikula.* | 4.79 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ang nilalaman ng pelikula ng mga tunay na pangyayari sa kasaysayan ng bansa.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang pangunahing layunin ng pelikula bilang midyum ng kasaysayan.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitataya kung gaano kaepektibo ang pelikula sa pagpapalawak ng kaalaman sa kasaysayan.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang nilalaman ng pelikula sa paghubog ng kamalayan bilang mamamayang Pilipino.* | 4.70 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.74<br>0.48<br>Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng nilalaman.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng nilalaman ng pelikula sa paglinang ng kaalaman at kamalayang historikal ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakapupulot ng aral mula sa mga isyung tinalakay sa pelikula" (M=4.79, SD=0.47), na nagpapakita na epektibong nagiging mapagkukunan ng aral ang mga isyung ipinapakita sa pelikula. Kasunod nito, ang "Nagpapakita ang nilalaman ng pelikula ng mga tunay na pangyayari sa kasaysayan ng bansa" (M=4.74, SD=0.49) at "Naitataya kung gaano kaepektibo ang pelikula sa pagpapalawak ng kaalaman sa kasaysayan" (M=4.74, SD=0.49) ay nagpapakita ng pantay na paglinang sa pag-unawa sa historikal na katotohanan at bisa ng pelikula bilang midyum ng kaalaman. Gayundin, ang "Nasusuri ang pangunahing layunin ng pelikula bilang midyum ng kasaysayan" (M=4.72, SD=0.50) at "Nakatutulong ang nilalaman ng pelikula sa paghubog ng kamalayan bilang mamamayang Pilipino" (M=4.70, SD=0.56) ay nagpapakita ng paglinang sa kamalayang makabayan at kritikal na pag-unawa.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa nilalaman ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.48, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa paggamit ng nilalaman ng pelikulang pangkasaysayan sa paglinang ng kanilang kaalaman at kamalayang historikal. Ang nilalaman ay nagsisilbing daluyan ng impormasyon, aral, at simbolismo na nagbubukas ng mas malalim na pagdama sa mga pangyayari sa nakaraan. Sa pamamagitan ng biswal at emosyonal na representasyon, nahuhubog ang kritikal na pag-iisip, pagpapahalagang makabansa, at empatiya ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 5**
***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Teorya/Dulog***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy kung paano ginamit ang pampanitikang dulog sa pelikula.* | 4.44 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang mga temang panlipunan sa pelikula gamit ang sosyolohikal na pananaw.* | 4.49 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang interaksiyon ng kasaysayan at panitikan sa pagbubuo ng pambansang identidad.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapansin ang mga pahiwatig sa isyung moral sa pelikula sa pamamagitan ng moralistang dulog.* | 4.58 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga pampanitikang teorya upang mas malalim na maunawaan ang pelikula.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.59 | | |
| *SD* | 0.53 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng teorya/dulog.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng paggamit ng mga teorya at dulog sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pelikulang pangkasaysayan. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nasusuri ang interaksiyon ng kasaysayan at panitikan sa pagbubuo ng pambansang identidad" (M=4.72, SD=0.50) at "Nakatutulong ang mga pampanitikang teorya upang mas malalim na maunawaan ang pelikula" (M=4.72, SD=0.50), na nagpapakita ng pantay na paglinang sa kritikal na pag-unawa at pagbuo ng kamalayang pangkultura. Kasunod nito, ang "Napapansin ang mga pahiwatig sa isyung moral sa pelikula sa pamamagitan ng moralistang dulog" (M=4.58, SD=0.59) ay nagpapakita ng paglinang sa pag-unawa sa mga isySung moral. Gayundin, ang "Nakikilala ang mga temang panlipunan sa pelikula gamit ang sosyolohikal na pananaw" (M=4.49, SD=0.55) at "Natutukoy kung paano ginamit ang pampanitikang dulog sa pelikula" (M=4.44, SD=0.59) ay nagpapakita ng paglinang sa mas malalim na pagsusuri at interpretasyon ng pelikula.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa teorya/dulog ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.59 at standard deviation na 0.53, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa paggamit ng teorya/dulog sa paglinang ng mas malalim na pagsusuri sa pelikulang pangkasaysayan. Ang paggamit ng teoretikal na balangkas ay nagbibigay ng istrukturang analitikal na tumutulong sa mga mag-aaral na masuri ang pelikula hindi lamang bilang likhang-sining, kundi bilang daluyan ng historikal na kaalaman, ideolohiya, at pagpapahalaga. Sa pamamagitan ng dulog, nagkakaroon sila ng kakayahang maghambing, magsuri, at magbigay-kritika sa mga elemento ng pelikula, na nagbubukas ng mas malawak na perspektiba sa kasaysayan at mas matibay na pagpapahalagang makabansa. Ang konsistent na mataas na marka sa lahat ng aytem ay nagpapakita na ang mga teoretikal na dulog ay nagsisilbing epektibong kagamitan upang maiugnay ng mga mag-aaral ang sining sa realidad ng lipunan. Sa huli, ang ganitong uri ng mapanuring pag-aaral ay hindi lamang nagpapatalas ng kanilang isipan, kundi humuhubog din sa kanilang karakter bilang mga mamamayang may malalim na malasakit sa kasaysayan at kultura ng bansa.

**Talahanayan 6**
***Antas ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Simbolismo***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang kahulugan ng mga kulay, tunog, at eksena bilang bahagi ng mensahe ng pelikula.* | 4.67 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang mga simbolismong ginamit upang ihayag ang damdamin ng mga tauhan.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababasa ang kahulugan ng mga bagay o kilos na hindi direktang binabanggit sa pelikula.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauugnay ang mga simbolismo sa mga kaisipang makabayan o makatao.* | 4.65 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang mga sagisag sa pelikula upang maging malalim ang pag-unawa sa pahayag.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.68 | | |
| *SD* | 0.50 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng Talahanayan 6 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng simbolismo.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng simbolismo sa pelikula sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mensahe at kahulugan ng mga pahiwatig sa pelikula. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakatulong ang mga sagisag sa pelikula upang maging malalim ang pag-unawa sa pahayag" (M=4.74, SD=0.44), na nagpapakita na epektibong nagagamit ang simbolismo upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Kasunod nito, ang "Natutukoy ang mga simbolismong ginamit upang ihayag ang damdamin ng mga tauhan" (M=4.72, SD=0.50) ay nagpapakita ng kakayahan sa pag-unawa sa emosyonal na kahulugan ng mga simbolo. Gayundin, ang "Nakikilala ang kahulugan ng mga kulay, tunog, at eksena bilang bahagi ng mensahe ng pelikula" (M=4.67, SD=0.61) ay nagpapakita ng pag-unawa sa biswal at pandinig na simbolismo. Samantala, ang "Nauugnay ang mga simbolismo sa mga kaisipang makabayan o makatao" (M=4.65, SD=0.53) at "Nababasa ang kahulugan ng mga bagay o kilos na hindi direktang binabanggit sa pelikula" (M=4.60, SD=0.54) ay nagpapakita ng mas malalim na pagsusuri at interpretasyon ng mga pahiwatig sa pelikula.

Ang antas ng pelikulang pangkasaysayan sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa simbolismo ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.68 at standard deviation na 0.50, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa at positibong pananaw sa paggamit ng simbolismo bilang mahalagang elemento ng pelikulang pangkasaysayan.

**Antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan ay tumutukoy sa Bisa ng pelikula sa Damdamin, Bisa ng pelikula sa Pag-iisip**,** Bisa ng pelikula sa Kaasalan**,** at Bisa ng pelikula sa Lipunan.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Ipinapakita ng Talahanayan 7 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng damdamin. Makikita sa weighted mean na 4.77 at standard deviation na 0.45, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

**Talahanayan 7**
***Antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan Ayon sa Bisa ng Pelikula sa Damdamin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nagbigay ng inspirasyon sa damdamin ang mga tagpo sa pelikula.* | 4.81 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagdulot ng lungkot, galit, o tuwa ang mga bahagi ng pelikula.* | 4.82 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaramdam ng matinding emosyon habang pinanonood ang pelikulang pangkasaysayan.* | 4.65 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagmulat ang pelikula sa mga damdaming kaugnay ng pagiging makabayan.* | 4.81 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahikayat na pahalagahan ang kultura at kasaysayan matapos mapanood ang pelikula.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.77 | | |
| *SD* | 0.45 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng damdamin ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagdulot ng lungkot, galit, o tuwa ang mga bahagi ng pelikula" (M=4.82, SD=0.50), na nagpapakita na epektibong nakapupukaw ng emosyon ang mga tagpo sa pelikula. Kasunod nito, ang "Nagbigay ng inspirasyon sa damdamin ang mga tagpo sa pelikula" (M=4.81, SD=0.45) at "Nagmulat ang pelikula sa mga damdaming kaugnay ng pagiging makabayan" (M=4.81, SD=0.45) ay nagpapakita ng paglinang sa makabayang damdamin at inspirasyon. Gayundin, ang "Nahikayat na pahalagahan ang kultura at kasaysayan matapos mapanood ang pelikula" (M=4.77, SD=0.43) ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan. Samantala, ang "Nakaramdam ng matinding emosyon habang pinanonood ang pelikulang pangkasaysayan" (M=4.65, SD=0.53) ay nagpapakita ng personal na emosyonal na pagdanas ng mga mag-aaral.

Ang antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan ayon sa bisa ng pelikula sa damdamin ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.77 at standard deviation na 0.45, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng emosyonal na pagkatuto at malalim na pag-unawa sa mga aral at mensaheng ipinapakita ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang pagpapahalaga sa kultura, kasaysayan, at damdaming makabayan.

Ipinapakita ng Talahanayan 8 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng pag-iisip, na pinatutunayan ng mataas na weighted mean na 4.71 at mababang standard deviation na 0.46, na nangangahulugang pare-pareho ang pananaw ng mga respondente.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 8**
***Antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan Ayon sa Bisa ng Pelikula sa Pag-iisip***

| *Mga Pahayag* | | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|---|
| *Nagbigay ang pelikula ng bagong pananaw sa mga isyung pangkasaysayan.* | | 4.67 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatak ang mga desisyon ng mga tauhan at ang mga epekto nito sa kasaysayan.* | | 4.65 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalim ng pelikula ang kakayahang mag-analisa ng mga isyung panlipunan.* | | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pelikula upang maunawaan ang mga mahahalagang aral sa nakaraan.* | | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpamulat ang pelikula para mag-isip tungkol sa mga pangyayari noon at ngayon.* | | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | | 4.71 | | |
| *SD* | | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | | Lubhang Mabisa | | |

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakatulong ang pelikula upang maunawaan ang mga mahahalagang aral sa nakaraan" (M=4.81, SD=0.39), na nagpapakita na epektibong naipauunawa ang mga aral na pangkasaysayan. Kasunod nito, ang "Nakapagpamulat ang pelikula para mag-isip tungkol sa mga pangyayari noon at ngayon" (M=4.77, SD=0.48) ay nagpapakita ng paglinang sa replektibong pag-iisip at pag-uugnay ng nakaraan at kasalukuyan. Gayundin, ang "Nagbigay ang pelikula ng bagong pananaw sa mga isyung pangkasaysayan" (M=4.67, SD=0.52) ay nagpapakita ng pagbubukas ng isipan sa iba't ibang pananaw. Samantala, ang "Naitatak ang mga desisyon ng mga tauhan at ang mga epekto nito sa kasaysayan" (M=4.65, SD=0.48) ay nagpapakita ng pag-unawa sa kahalagahan ng mga desisyon sa daloy ng kasaysayan. Ang "Napalalim ng pelikula ang kakayahang mag-analisa ng mga isyung panlipunan" (M=4.63, SD=0.54) ay nagpapakita ng mas malalim na pagsusuri at kritikal na pag-iisip.

Ang antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan ayon sa bisa ng pelikula sa pag-iisip ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.71 at standard deviation na 0.46, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kritikal at replektibong pag-iisip na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nakatutulong sa kanilang mas malalim na pag-unawa sa mga isyung panlipunan at historikal.

**Talahanayan 9**
***Antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan Ayon sa Bisa ng Pelikula sa Kaasalan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nailalarawan ng pelikula ang mga kaugalian na dapat tularan ng kabataan ngayon.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pelikula upang maunawaan ang mga mahahalagang aral sa nakaraan.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbigay ang pelikula ng bagong pananaw sa mga isyung pangkasaysayan* | 4.56 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagkaroon ng epekto ang mga desisyon ng mga tauhan sa kasaysayan.* | 4.60 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagiging daan ang pelikula sa paglinang ng disiplina, paninindigan, at integridad.* | 4.74 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.66 | | |
| *SD* | 0.53 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 9 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng kaasalan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng kaasalan ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagiging daan ang pelikula sa paglinang ng disiplina, paninindigan, at integridad" (M=4.74, SD=0.54), na nagpapakita na epektibong nahuhubog ang disiplina, paninindigan, at integridad ng mga mag-aaral. Kasunod nito, ang "Nailalarawan ng pelikula ang mga kaugalian na dapat tularan ng kabataan ngayon" (M=4.70, SD=0.46) at "Nakatulong ang pelikula upang maunawaan ang mga mahahalagang aral sa nakaraan" (M=4.70, SD=0.51) ay nagpapakita ng paglinang sa mga kaugaliang dapat tularan at pag-unawa sa mga aral ng nakaraan. Samantala, ang "Nagkaroon ng epekto ang mga desisyon ng mga tauhan sa kasaysayan" (M=4.60, SD=0.62) ay nagpapakita ng pag-unawa sa epekto ng mga desisyon sa kasaysayan. Ang "Nagbigay ang pelikula ng bagong pananaw sa mga isyung pangkasaysayan" (M=4.56, SD=0.63) ay nagpapakita ng pagbubukas ng isipan sa iba't ibang pananaw.

Ang antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan ayon sa bisa ng pelikula sa kaasalan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.66 at standard deviation na 0.53, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagpapahalagang moral at paghubog ng kaasalan na nalilinang sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nakatutulong sa paghubog ng disiplina, paninindigan, at integridad sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

**Talahanayan 10**
***Antas ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan Ayon sa Bisa ng Pelikula sa Lipunan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakita kung paano maaaring mag-ambag ang isang indibidwal sa pagbabago sa lipunan.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakita ng pelikula ang mga suliranin ng lipunan sa makasaysayang pananaw.* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-linaw ang mga epekto ng kasaysayan sa kasalukuyang kalagayang panlipunan.* | 4.67 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalalim ang kamalayan ng manonood sa mga isyung panlipunan gaya ng korapsyon, karapatang pantao, at nasyonalismo.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauugnay ang mga aral mula sa pelikula sa mga isyung panlipunan ngayon.* | 4.79 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.68 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 10 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng lipunan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nauugnay ang mga aral mula sa pelikula sa mga isyung panlipunan ngayon" (M=4.79, SD=0.47), na nagpapakita na epektibong naiuugnay ang mga aral ng pelikula sa mga isyung panlipunan ngayon. Kasunod nito, ang "Nakita kung paano maaaring mag-ambag ang isang indibidwal sa pagbabago sa lipunan" (M=4.77, SD=0.43), na nagpapakita ng paglinang sa kamalayang makabayan at pakikilahok sa lipunan. Gayundin, ang "Nabibigyang-linaw ang mga epekto ng kasaysayan sa kasalukuyang kalagayang panlipunan" (M=4.67, SD=0.52), na nagpapakita ng pag-unawa sa ugnayan ng kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Samantala, ang "Napalalalim ang kamalayan ng manonood sa mga isyung panlipunan gaya ng korapsyon, karapatang pantao, at nasyonalismo" (M=4.60, SD=0.54), na nagpapakita ng paglinang sa kamalayang panlipunan sa mahahalagang isyu. Ang "Naipakita ng pelikula ang mga suliranin ng lipunan sa makasaysayang pananaw" (M=4.58, SD=0.50), na nagpapakita ng pag-unawa sa mga suliranin ng lipunan sa historikal na perspektiba.

Ang antas ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan ayon sa bisa ng pelikula sa lipunan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.68 at standard deviation na 0.47, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kamalayang panlipunan na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng kasaysayan at kasalukuyang mga isyung panlipunan at sa kanilang aktibong pakikilahok sa lipunan. Ang ganitong kamalayan ay nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng kasaysayan at kasalukuyang mga isyung panlipunan, at sa kanilang aktibong pakikilahok sa lipunan. Sa pamamagitan ng biswal at emosyonal na representasyon ng mga pangyayari, natututo silang magmuni-muni sa mga aral ng nakaraan, maglatag ng kritikal na pagsusuri sa mga kontemporaryong suliranin, at magpahayag ng makabayang pananaw. Bukod dito, ang pelikulang pangkasaysayan ay nagiging daluyan ng pagbubuo ng identidad, pagpapalakas ng empatiya, at paghubog ng pananagutan sa komunidad, na higit pang nagpapayaman sa kanilang pagkatao at paninindigan bilang mamamayang Pilipino.

**Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral ay tumutukoy sa Pagkakakilanlan sa Sarili, Pagpapahalaga**,** Empatiya**,** Panlipunang Kamalayan, at Paglinang ng Damdamin. Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 11**
***Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Pagkakakilanlan sa Sarili***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikita ang sarili sa ilang karanasan ng mga tauhan sa pelikula.* | 4.16 | 0.72 | Sumasang-ayon |
| *Nagbukas ng kamalayan sa mga pinagmulan ang panonood ng pelikulang pangkasaysayan.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang mga tauhan sa pelikulang pangkasaysayan upang mas maunawaan ang pagkatao.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay sa personal na karanasan ang mga isyung tinalakay sa pelikula.* | 4.44 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapahayag nang mas maayos ang saloobin pagkatapos mapanood ang pelikula.* | 4.53 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.53 | | |
| *SD* | 0.56 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng Talahanayan 11 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng pagkakakilanlan sa sarili. Ipinapakita sa weighted mean na 4.53 at standard deviation na 0.56, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng pagkakakilanlan sa sarili ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakatulong ang mga tauhan sa pelikulang pangkasaysayan upang mas maunawaan ang pagkatao" (M=4.79, SD=0.41), na nagpapakita na epektibong nakatutulong ang mga tauhan sa pag-unawa ng sariling pagkatao.

Kasunod nito, ang "Nagbukas ng kamalayan sa mga pinagmulan ang panonood ng pelikulang pangkasaysayan" (M=4.70, SD=0.46) ay nagpapakita ng paglinang sa kamalayan sa sariling pinagmulan at identidad. Gayundin, ang "Naipapahayag nang mas maayos ang saloobin pagkatapos mapanood ang pelikula" (M=4.53, SD=0.63) ay nagpapakita ng paglinang sa kakayahang ipahayag ang sarili. Samantala, ang "Naiuugnay sa personal na karanasan ang mga isyung tinalakay sa pelikula" (M=4.44, SD=0.50) ay nagpapakita ng pag-uugnay ng karanasan ng sarili sa mga isyung panlipunan. Ang "Nakikita ang sarili sa ilang karanasan ng mga tauhan sa pelikula" (M=4.16, SD=0.72) ay nagpapakita ng pagninilay at pagkilala sa sariling karanasan sa mga tauhan.

Ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa pagkakakilanlan sa sarili ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.53 at standard deviation na 0.56, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng paghubog ng pagkakakilanlan sa sarili na nalilinang sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nakatutulong sa kanilang mas malalim na pag-unawa sa sarili, pinagmulan, at personal na karanasan.

Ang ganitong proseso ay nakatutulong sa kanilang mas malalim na pag-unawa sa sarili, pinagmulan, at personal na karanasan, habang sabay na pinatitibay ang kanilang pagpapahalagang kultural at historikal. Sa pamamagitan ng mga biswal na representasyon at dramatikong salaysay, nagkakaroon sila ng pagkakataong magmuni-muni sa kanilang identidad, mag-ugnay ng nakaraan sa kasalukuyan, at mapagtibay ang kanilang empatiya at makabayang pananaw.

Ipinapakita ng Talahanayan 12 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng pagpapahalaga.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12**
***Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Pagpapahalaga***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nagturo ang pelikulang pangkasaysayan ng kahalagahan ng katapatan at karangalan.* | 4.88 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita sa pelikula ang mga kaugaliang dapat pahalagahan bilang Pilipino.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pelikula upang mas mapahalagahan ang kasaysayan ng Pilipinas.* | 4.88 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang mga aral na natutuhan mula sa kasaysayan.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagsilbing inspirasyon ang pelikula upang paunlarin ang sarili.* | 4.67 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.80 | | |
| *SD* | 0.45 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagturo ang pelikulang pangkasaysayan ng kahalagahan ng katapatan at karangalan" (M=4.88, SD=0.32), na nagpapakita na epektibong naitatanim sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng katapatan at karangalan. Kasunod nito, ang "Nakatulong ang pelikula upang mas mapahalagahan ang kasaysayan ng Pilipinas" (M=4.88, SD=0.32) at "Napahahalagahan ang mga aral na natutuhan mula sa kasaysayan" (M=4.86, SD=0.35) ay nagpapakita ng paglinang sa pagpapahalaga sa kasaysayan at mga aral nito. Samantala, ang "Naipapakita sa pelikula ang mga kaugaliang dapat pahalagahan bilang Pilipino" (M=4.72, SD=0.50) ay nagpapakita ng paghubog sa mga kaugaliang Pilipino. Ang "Nagsilbing inspirasyon ang pelikula upang paunlarin ang sarili" (M=4.67, SD=0.71) ay nagpapakita ng paglinang sa motibasyon at pagpapaunlad ng sarili

Ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa pagpapahalaga ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.80 at standard deviation na 0.45, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa.

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagpapahalaga na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan sa paglinang ng katapatan, karangalan, at mas malalim na pagmamahal sa kasaysayan at kulturang Pilipino. Bukod dito, ang pelikulang pangkasaysayan ay nagiging daluyan ng moral at etikal na paghubog, na nagtuturo ng pananagutan, empatiya, at makabayang paninindigan, na higit pang nagpapayaman sa kanilang pagkatao, pananaw, at aktibong pakikilahok sa lipunan.

Ipinapakita ng Talahanayan 13 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng empatiya.

**Talahanayan 13**
***Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Empatiya***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nadama ang pagiging makatao ng mga tauhan sa pelikula.* | 4.65 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naramdaman ang hirap at sakripisyo ng mga Pilipinong ipinakita sa pelikula.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbukas ng damdamin ng pagdamay sa kapwa ang mga eksena sa pelikula.* | 4.67 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabigyang pansin ang damdamin at karanasan ng mga tauhan sa pelikula.* | 4.72 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pelikula upang mas maging maunawain sa sitwasyon ng iba.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.73 | | |
| *SD* | 0.49 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng empatiya ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakatulong ang pelikula upang mas maging maunawain sa sitwasyon ng iba" (M=4.84, SD=0.37), na nagpapakita na epektibong napapalalim ang pag-unawa at pakikiramay sa kalagayan ng iba. Kasunod nito, ang "Naramdaman ang hirap at sakripisyo ng mga Pilipinong ipinakita sa pelikula" (M=4.79, SD=0.41) ay nagpapakita ng paglinang sa pakikiramay at pagdama sa karanasan ng kapwa. Gayundin, ang "Nabigyang pansin ang damdamin at karanasan ng mga tauhan sa pelikula" (M=4.72, SD=0.55) ay nagpapakita ng paglinang sa sensitibidad sa damdamin ng iba. Samantala, ang "Nagbukas ng damdamin ng pagdamay sa kapwa ang mga eksena sa pelikula" (M=4.67, SD=0.57) ay nagpapakita ng paghubog sa damdaming makatao. Ang "Nadama ang pagiging makatao ng mga tauhan sa pelikula" (M=4.65, SD=0.61) ay nagpapakita ng pag-unawa sa pagiging makatao ng mga tauhan.

Ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa empatiya ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.73 at standard deviation na 0.49, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng empatiya na nalilinang sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapaunlad ang kanilang pakikiramay, pag-unawa, at malasakit sa kapwa.ng mabisa bilang pantulong sa paghubog ng Empatiya ng mga mag-aaral. Kapansin-pansin na ang pinakamataas na marka ay nakamit sa aspeto ng pagiging maunawain sa sitwasyon ng iba, na nagpapakita na ang mga emosyonal na koneksyong nabubuo sa panonood ay lumalagpas sa screen at nagiging tunay na kasanayang panlipunan Sa huli, ang ganitong uri ng pagkatuto ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa nakaraan, kundi nagtatatag din ng moral na pundasyon upang ang mga mag-aaral ay maging mas sensitibo at tumutugon sa pangangailangan ng kanilang kapwa sa kasalukuyan.

**Talahanayan 14**
***Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Panlipunang Kamalayan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang mga aral mula sa pelikula sa mga isyu sa lipunan ngayon.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpakita ang pelikula ng mga isyung panlipunan na may kaugnayan sa kasalukuyan.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagmulat sa mga suliraning kinaharap ng ating lipunan noon ang pelikula.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamulat ang papel ng mga mamamayan matapos mapanood ang pelikula.* | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pelikula upang mas maunawaan ang mga epekto ng kolonyalismo at digmaan.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.45 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 14 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng panlipunang kamalayan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng panlipunang kamalayan ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagpakita ang pelikula ng mga isyung panlipunan na may kaugnayan sa kasalukuyan" (M=4.77, SD=0.43) at "Naipamulat ang papel ng mga mamamayan matapos mapanood ang pelikula" (M=4.77, SD=0.48), na nagpapakita na epektibong naiuugnay at naipapamulat ng pelikula ang tungkulin ng mamamayan at mga isyung panlipunan sa kasalukuyan. Kasunod nito, ang "Nakatulong ang pelikula upang mas maunawaan ang mga epekto ng kolonyalismo at digmaan" (M=4.74, SD=0.49) ay nagpapakita ng paglinang sa mas malalim na pag-unawa sa historikal na konteksto ng mga suliraning panlipunan. Gayundin, ang "Natutukoy ang mga aral mula sa pelikula sa mga isyu sa lipunan ngayon" (M=4.72, SD=0.50) ay nagpapakita ng pag-uugnay ng aral ng pelikula sa kasalukuyang mga isyung panlipunan. Samantala, ang "Nagmulat sa mga suliraning kinaharap ng ating lipunan noon ang pelikula" (M=4.70, SD=0.51) ay nagpapakita ng paglinang sa kamalayang historikal at panlipunan.

Ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa panlipunang kamalayan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.45, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng panlipunang kamalayan na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa ugnayan ng kasaysayan, kasalukuyang isyung panlipunan, at papel ng mamamayan sa lipunan. Bukod dito, ang pelikulang pangkasaysayan ay nagiging daluyan ng civic engagement, empatiya, at kolektibong pananagutan, na higit pang nagpapayaman sa kanilang pagkatao, integridad, at aktibong pakikilahok sa mga gawaing panlipunan at demokratikong proseso.

**Talahanayan 15**

***Antas ng Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral Ayon sa Paglinang ng Damdamin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapukaw ng damdamin ang mga pangyayari sa pelikula upang pagnilayan ang mga ito.* | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbigay ng malalim na emosyon ang pelikula habang pinapanood.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naantig sa mga kabayanihang ipinakita ng mga tauhan sa pelikula.* | 4.67 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naging mas sensitibo sa damdamin ng iba matapos mapanood ang pelikula.* | 4.60 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagdulot ng emosyonal na koneksyon sa kasaysayan ng bansa ang pelikula.* | 4.67 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.70<br>0.49<br>Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 15 na ang pelikulang pangkasaysayan ay lubhang mabisa sa paghubog ng pagkatao ng mga mag-aaral batay sa dimensyon ng paglinang ng damdamin.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng damdamin ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakapukaw ng damdamin ang mga pangyayari sa pelikula upang pagnilayan ang mga ito" (M=4.81, SD=0.39), na nagpapakita na epektibong napupukaw ang damdamin ng mga mag-aaral upang mag-isip at magnilay. Kasunod nito, ang "Nagbigay ng malalim na emosyon ang pelikula habang pinapanood" (M=4.72, SD=0.50) ay nagpapakita ng paglinang sa malalim na emosyonal na karanasan. Gayundin, ang "Naantig sa mga kabayanihang ipinakita ng mga tauhan sa pelikula" (M=4.67, SD=0.57) ay nagpapakita ng paghubog ng damdaming makabayan at paghanga sa kabayanihan. Samantala, ang "Nagdulot ng emosyonal na koneksyon sa kasaysayan ng bansa ang pelikula" (M=4.67, SD=0.52) ay nagpapakita ng paglinang ng ugnayang emosyonal sa kasaysayan. Ang "Naging mas sensitibo sa damdamin ng iba matapos mapanood ang pelikula" (M=4.60, SD=0.58) ay nagpapakita ng paglinang sa empatiya at sensitibidad sa damdamin ng kapwa.

Ang antas ng paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa paglinang ng damdamin ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.49, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng emosyonal na pagkatuto at malalim na pag-unawa na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang damdamin, empatiya, at koneksyon sa kasaysayan ng bansa.

**Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa Deskriminatibo na pag-unawa, Kaswal na pag-unawa**,** Komprehensibong pag-unawa**,** at Pagpapasya at Paninindigan. Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 16**

***Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral Ayon sa Deskriminatibo na Pag-unawa***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nababatid ang pagkakaiba ng pananaw ng bawat tauhan sa mga isyung ipinapakita.* | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahalata agad ang pagkakaiba ng tono ng mga tauhan sa pelikula.* | 4.67 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang mga di-verbal na mensahe tulad ng galaw, ekspresyon, at musika.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutuklasan kung aling bahagi ng pelikula ang nagpapahiwatig ng kasinungalingan o katotohanan.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang layunin sa likod ng mga simbolo at kulay sa pelikula.* | 4.63 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.73<br>0.46<br>Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 16 na ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa deskriminatibong pag-unawa . Nakakuha ng weighted mean na 4.73 at standard deviation na 0.46, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nababatid ang pagkakaiba ng pananaw ng bawat tauhan sa mga isyung ipinapakita" (M=4.81, SD=0.39), na nagpapakita na epektibong natutukoy ng mga mag-aaral ang magkakaibang perspektiba ng mga tauhan. Kasunod nito, ang "Natutukoy ang mga di-verbal na mensahe tulad ng galaw, ekspresyon, at musika" (M=4.79, SD=0.41) ay nagpapakita ng paglinang sa kakayahang unawain ang mga hindi tuwirang mensahe sa pelikula.

Gayundin, ang "Natutuklasan kung aling bahagi ng pelikula ang nagpapahiwatig ng kasinungalingan o katotohanan" (M=4.72, SD=0.45) ay nagpapakita ng kritikal na pag-iisip at pagsusuri. Samantala, ang "Nahahalata agad ang pagkakaiba ng tono ng mga tauhan sa pelikula" (M=4.67, SD=0.57) ay nagpapakita ng kakayahang makilala ang emosyon at tono ng mga tauhan. Ang "Naiintindihan ang layunin sa likod ng mga simbolo at kulay sa pelikula" (M=4.63, SD=0.58) ay nagpapakita ng pag-unawa sa simbolikong kahulugan ng mga elemento ng pelikula.

Ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa deskriminatibong pag-unawa ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.73 at standard deviation na 0.46, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kritikal at masusing pag-unawa na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapaunlad ang kanilang kakayahang magsuri ng mensahe, simbolismo, at pananaw sa mga ipinapakitang isyu.

Ipinapakita ng Talahanayan 17 na ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa kaswal na pag-unawa .

**Talahanayan 17**
***Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral Ayon sa Kaswal na Pag-unawa***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nabibigyang-pansin ang pelikulang pangkasaysayan para sa libangan at dagdag-kaalaman.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaaliw panoorin ang pelikula kahit hindi alam ang konteksto ng kasaysayan.* | 4.65 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang pelikula nang mas maayos kapag mayroon itong mga nakakaaliw na bahagi.* | 4.65 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan sa isip ang pangkalahatang daloy ng kwento kahit hindi ko ito malalimang suriin.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga bahagi ng pelikula batay sa karanasan at opinyon.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.71<br>0.44<br>Lubhang Mabisa | | |

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng kaswal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nabibigyang-pansin ang pelikulang pangkasaysayan para sa libangan at dagdag-kaalaman" (M=4.79, SD=0.41), na nagpapakita na epektibong nakikita ng mga mag-aaral ang pelikula bilang parehong libangan at pinagmumulan ng kaalaman. Kasunod nito, ang "Nailalarawan sa isip ang pangkalahatang daloy ng kwento kahit hindi ko ito malalimang suriin" (M=4.72, SD=0.45) at "Naiuugnay ang mga bahagi ng pelikula batay sa karanasan at opinyon" (M=4.72, SD=0.45) ay nagpapakita ng kakayahang maunawaan ang kabuuang daloy ng pelikula kahit sa mas kaswal na pagtingin. Samantala, ang "Nakaaaliw panoorin ang pelikula kahit hindi alam ang konteksto ng kasaysayan" (M=4.65, SD=0.48) at "Naiintindihan ang pelikula nang mas maayos kapag mayroon itong mga nakakaaliw na bahagi" (M=4.65, SD=0.53) ay nagpapakita ng paglinang sa pag-unawa sa pelikula sa mas maluwag at impormal na paraan.

Ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa kaswal na pag-unawa ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.71 at standard deviation na 4.44, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kaswal na pag-unawa na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas maging bukas at maluwag ang kanilang pag-unawa sa kabuuang mensahe ng pelikula bilang libangan at pinagkukunan ng kaalaman.

**Talahanayan 18**
***Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral Ayon sa Komprehensibong Pag-unawa***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Napapansin ang kaugnayan ng mga karakter, tagpuan, at banghay sa kabuuang mensahe.* | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakukuha ang mga pangunahing tema at aral na nais iparating ng pelikula.* | 4.67 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang kahulugan ang mensahe ng pelikula mula simula hanggang wakas.* | 4.65 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga pangyayari sa pelikula sa mga aktwal na pangyayari sa kasaysayan.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Naipaliliwanag ang nilalaman ng pelikula sa iba.* | 4.70 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.70 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 18 na ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa komprehensibong pag-unawa.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng komprehensibong pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Napapansin ang kaugnayan ng mga karakter, tagpuan, at banghay sa kabuuang mensahe" (M=4.77, SD=0.48), na nagpapakita na epektibong nauunawaan ng mga mag-aaral ang ugnayan ng mga elemento ng pelikula sa kabuuang mensahe. Kasunod nito, ang "Naiuugnay ang mga pangyayari sa pelikula sa mga aktwal na pangyayari sa kasaysayan" (M=4.72, SD=0.45) ay nagpapakita ng paglinang sa kakayahang iugnay ang pelikula sa tunay na kasaysayan. Gayundin, ang "Naipaliliwanag ang nilalaman ng pelikula sa iba" (M=4.70, SD=0.60) ay nagpapakita ng kakayahang maipaliwanag at maibahagi ang natutunan. Samantala, ang "Nakukuha ang mga pangunahing tema at aral na nais iparating ng pelikula" (M=4.67, SD=0.47) ay nagpapakita ng pag-unawa sa pangunahing tema at aral. Ang "Nabibigyang kahulugan ang mensahe ng pelikula mula simula hanggang wakas" (M=4.65, SD=0.53) ay nagpapakita ng kabuuang pag-unawa sa daloy ng mensahe ng pelikula.

Ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa komprehensibong pag-unawa ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.48, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng komprehensibong pag-unawa na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas malinang ang kanilang kakayahang suriin, unawain, at iugnay ang mga elemento at mensahe ng pelikula sa tunay na karanasan at kasaysayan.

**Talahanayan 19**

*Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral Ayon sa Pagpapasya at Paninindigan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nagturo ang pelikula ng kahalagahan ng matibay na paninindigan.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutuhan mula sa pelikula na ang pagpapasya ay dapat batay sa prinsipyo at kabutihan.* | 4.58 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahuhubog ng pelikula ang kakayahang manindigan sa tama.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagsilbing modelo ng tamang pagpapasya ang mga tauhan sa pelikula.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-diin ang halaga ng mga desisyong ginagawa sa gitna ng suliranin.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.72 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 19 na ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa pagpapasya at paninindigan.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng pagpapasya at paninindigan ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nabibigyang-diin ang halaga ng mga desisyong ginagawa sa gitna ng suliranin" (M=4.79, SD=0.41), na nagpapakita na epektibong naipapakita ng pelikula ang kahalagahan ng tamang pagpapasya sa gitna ng mga hamon. Kasunod nito, ang "Nagturo ang pelikula ng kahalagahan ng matibay na paninindigan" (M=4.74, SD=0.49), "Nahuhubog ng pelikula ang kakayahang manindigan sa tama" (M=4.74, SD=0.49), at "Nagsilbing modelo ng tamang pagpapasya ang mga tauhan sa pelikula" (M=4.74, SD=0.49) ay nagpapakita ng paglinang sa matibay na paninindigan at wastong pagpapasya. Samantala, ang "Natutuhan mula sa pelikula na ang pagpapasya ay dapat batay sa prinsipyo at kabutihan" (M=4.58, SD=0.59) ay nagpapakita ng paghubog sa moral na batayan ng paggawa ng desisyon.

Ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa pagpapasya at paninindigan ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.72 at standard deviation na 0.48, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahang bumuo ng matibay na paninindigan at wastong pagpapasya na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang pagpapahalagang moral at responsableng pagdedesisyon. Ang ganitong kakayahan ay nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang pagpapahalagang moral, etikal na pamantayan, at responsableng pagdedesisyon. Sa pamamagitan ng mga salaysay ng pelikula, natututo silang magmuni-muni sa mga aral ng nakaraan, maglatag ng makatuwirang pasya sa harap ng suliranin, at magpahayag ng paninindigang makabansa.

**Talahanayan 20**

*Antas ng Kaalaman sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral Ayon sa Kritikal na Pag-unawa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Napag-iisipan kung paano ginamit ang sining ng pelikula upang manipulahin o ilahad ang kasaysayan.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang katotohanan at bias na ipinapakita sa pelikula.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng pagsusuri kung paano nakaapekto ang pelikula sa pananaw ng manonood.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagninilayan kung paano ginagamit ng pelikula ang kasaysayan upang maghatid ng opinyon.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga isyung tinalakay sa pelikula sa kasalukuyang kalagayang panlipunan.* | 4.84 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.79 | | |
| *SD* | 0.40 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 20 na ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa kritikal na pag-unawa.

Makikita na lahat ng pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng pelikula sa paglinang ng kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagbibigay ng pagsusuri kung paano nakaapekto ang pelikula sa pananaw ng manonood" (M=4.86, SD=0.35), na nagpapakita na epektibong nasusuri ng mga mag-aaral ang impluwensya ng pelikula sa kanilang pananaw. Kasunod nito, ang "Naiuugnay ang mga isyung tinalakay sa pelikula sa kasalukuyang kalagayang panlipunan" (M=4.84, SD=0.43) ay nagpapakita ng paglinang sa ugnayan ng pelikula at kasalukuyang isyung panlipunan. Gayundin, ang "Napag-iisipan kung paano ginamit ang sining ng pelikula upang manipulahin o ilahad ang kasaysayan" (M=4.77, SD=0.43) ay nagpapakita ng mapanuring pagtingin sa paggamit ng sining sa paglalahad ng kasaysayan. Samantala, ang "Nasusuri ang katotohanan at bias na ipinapakita sa pelikula" (M=4.74, SD=0.44) ay nagpapakita ng kakayahang tukuyin ang katotohanan at pagkiling sa nilalaman ng pelikula. Ang "Napagninilayan kung paano ginagamit ng pelikula ang kasaysayan upang maghatid ng opinyon" (M=4.72, SD=0.45) ay nagpapakita ng malalim na pagninilay sa layunin ng pelikula.

Ang antas ng kaalaman sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa kritikal na pag-unawa ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.79 at standard deviation na 0.40, at may berbal na interpretasyon na "Lubhang Mabisa."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mapanuring pag-unawa na nahuhubog sa pamamagitan ng pelikulang pangkasaysayan, na nagiging daan upang mas malinang ang kanilang kakayahang magsuri ng katotohanan, bias, at epekto ng media sa pananaw at lipunan.

### Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency, percentage,* at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

**Talahanayan 21**

***Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit***

| Puntos | *Pagsusulit* | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | f | % | |
| 90 - 100 | 16 | *37.21* | Outstanding |
| 85 - 89 | 11 | *25.58* | Very Satisfactory |
| 80 - 84 | 9 | *20.93* | Satisfactory |
| 75 - 79 | 5 | *11.63* | Fairly Satisfactory |
| Below 75 | 2 | *4.65* | Did Not Meet Expectation |
| Total | 43 | *100* | |
| *Weighted Mean* | *86.96* | | |
| *SD* | *6.97* | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | *Very Satisfactory* | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 21 na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Makikita na pinakamataas ang bahagdan ng mga mag-aaral na nakakuha ng iskor na 90–100 na may f=16 o 37.21%, na may deskripsyong "Outstanding," na nagpapakita na malaking bahagi ng mga mag-aaral ay nakapagtamo ng napakataas na antas ng pagganap sa pagsusulit. Kasunod nito, ang 85–89 na may f=11 o 25.58% na "Very Satisfactory" at 80–84 na may f=9 o 20.93% na "Satisfactory" ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa mataas at katamtamang antas ng pagganap. Samantala, ang 75–79 na may f=5 o 11.63% na "Fairly Satisfactory" ay nagpapakita ng ilan na nangangailangan pa ng karagdagang paglinang, habang ang "Below 75" na may f=2 o 4.65% na "Did Not Meet

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Expectation" ay nagpapakita ng maliit na bahagdan na nasa mababang antas ng pagganap. Sa kabuuan, ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 86.96 at standard deviation na 6.97, at may berbal na interpretasyong "Very Satisfactory."

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may pangkalahatang mataas na antas ng pagkatuto at pagganap sa pagsusulit, na nagpapakita ng epektibong pag-unawa sa mga aralin at kasanayang nasusukat sa kanilang akademikong gawain.

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng Pelikulang Pangkasaysayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa Pagkakakilanlan sa Sarili, Pagpapahalaga; Empatiya, Panlipunang Kamalayan, at Paglinang ng Damdamin, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 22**

***Makabuluhang Kaugnayan ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral***

| *Pelikulang Pangkasaysayan* | | Pagkakakilanlan sa Sarili | Pagpapahalaga | Empatiya | Panlipunang Kamalayan | Paglinang ng Damdamin |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Tauhan | Pearson Correlation | .554** | .529 | .452 | .547 | .582 |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .083 | .428 | .458 | .162 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Tagpuan | Pearson Correlation | .509** | .517** | .233 | .475 | .426 |
| | Sig. (2-tailed) | .001 | .009 | .236 | .157 | .436 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Diyalogo | Pearson Correlation | .314* | .351** | .611* | .500* | .494 |
| | Sig. (2-tailed) | .034 | .003 | .029 | .033 | .162 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Nilalaman | Pearson Correlation | .402** | .605 | .494 | .495 | .636 |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .086 | .467 | .5 | .195 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Teorya/Dulog | Pearson Correlation | .511 | .390** | .506** | .314** | .409* |
| | Sig. (2-tailed) | .112 | .000 | .005 | .009 | .042 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Simbolismo | Pearson Correlation | .551** | .429** | .386 | .540 | .509 |
| | Sig. (2-tailed) | .001 | .008 | .165 | .100 | .362 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Diyalogo sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral, ($r(42)$ = .314, .351, .611, .500, $p$ < .05), at mayroon din makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Teorya/Dulog at paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral na may magandang ($r(42)$ = .390, .506, .314, .409, $p$ < .05). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Diyalogo at Teorya/Dulog ay nagpapakita ng pagtaas ng paghubog. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting sa pagkatao ng mga mag-aaral.

Habang walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Tauhan, Tagpuan, Nilalaman, Simbolismo at paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ($r(42)$ $p$ > .05).

Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Pelikulang Pangkasaysayan ay hindi makabuluhang hinulaan ang paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral, at ito ay salungat sa ilang anecdotal na inaasahan.

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Pelikulang Pangkasaysayan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa Deskriminatibo na pag-unawa, Kaswal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

na pag-unawa, Komprehensibong pag-unawa, Pagpapasya at Paninindigan, at Kritikal na pag-unawa, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Teorya/Dulog sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, ($r(42) = .386, .481, .330, .497, p < .05$). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Teorya/Dulog ay nagpapakita ng pagtaas ng pagpapalalim. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting pag-unawa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 23

*Makabuluhang Kaugnayan ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral*

| ***Pelikulang Pangkasaysayan*** | | **Deskriminatibo na pag-unawa** | **Kaswal na pag-unawa** | **Komprehensibong pag-unawa** | **Pagpapasya at Paninindigan** | **Kritikal na pag-unawa** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Tauhan | Pearson Correlation | .560 | .396 | .366 | .372 | .433 |
| | Sig. (2-tailed) | .336 | .226 | .226 | .340 | .195 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Tagpuan | Pearson Correlation | .353 | .509 | .446 | .360 | .344* |
| | Sig. (2-tailed) | .257 | .350 | .400 | .295 | .044 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Diyalogo | Pearson Correlation | .262 | .374 | .437 | .516 | .444** |
| | Sig. (2-tailed) | .096 | .129 | .149 | .076 | .006 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Nilalaman | Pearson Correlation | .640 | .404 | .395 | .537 | .476 |
| | Sig. (2-tailed) | .381 | .285 | .272 | .366 | .197 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Teorya/Dulog | Pearson Correlation | .386** | .481** | .167 | .330** | .497** |
| | Sig. (2-tailed) | .012 | .015 | .059 | .024 | .000 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Simbolismo | Pearson Correlation | .337 | .241 | .500 | .355 | .381* |
| | Sig. (2-tailed) | .207 | .317 | .326 | .242 | .026 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |

Habang walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Tagpuan, Tauhan, Diyalogo, Nilalaman, at Simbolismo ($r(42)$ $p$ > .05). Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Pelikulang Pangkasaysayan ay hindi makabuluhang hinulaan ang pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, at ito ay salungat sa ilang anecdotal na inaasahan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 27 na ang Pelikulang Pangkasaysayan ay may positibong kaugnayan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa Kritikal at Komprehensibong pag-unawa. Ang mga elemento ng pelikula tulad ng tauhan, tagpuan, diyalogo, nilalaman, teorya/dulog, at simbolismo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman, pagsusuri, at pagbibigay ng interpretasyon sa mga isyung kasaysayan at panlipunan.

**Pagsusuri ng Paghahambing sa Pelikulang Pangkasaysayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Pelikulang Pangkasaysayan sa pagganap ng mga mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 24**
***Makabuluhang Epekto ng Pelikulang Pangkasaysayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Source | *df* | *SS* | *MS* | *F* | *p* | *M* | *SD* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Pelikulang Pangkasaysayan* | 5 | 2701 | 540.3 | .896 | .494 | 4.68 | 0.36 |
| Residual | 37 | 22307 | 602.9 | | | 129.37 | 24.40 |
| Total | 42 | 25008 | | | | | |

*Note: M* = Mean; *SD* = Standard Deviation, *p* < .05

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng Pelikulang Pangkasaysayan sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Pelikulang Pangkasaysayan sa pagitan ng mga pagganap $F(5, 37) = .896$, $p = .494$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Pelikulang Pangkasaysayan ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* ($M = 129.37$, $SD = 24.40$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .494$).

Bagama't mataas ang mean score at positibo ang pananaw ng mga mag-aaral, walang statistical evidence na nagpapatunay ng makabuluhang epekto ng Pelikulang

Pangkasaysayan sa kanilang pagganap batay sa ANOVA. Ipinapakita nito na ang Pelikula ay nakapagbigay ng positibong karanasan, kaalaman, at pagpapahalaga, ngunit ang mga pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral ay maaaring naapektuhan ng iba pang salik tulad ng personal na kasanayan, disiplina sa pag-aaral, o karanasan sa nakaraang kaalaman.Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na bagama't nakapagbigay ang Pelikulang Pangkasaysayan ng makabuluhang karanasan at pagpapahalaga, hindi nito tuwirang naimpluwensyahan ang antas ng akademikong pagganap. Ipinapakita lamang na ang bisa ng pelikula ay higit na nakaugat sa paghubog ng pananaw, pagkatao, at kritikal na kamalayan kaysa sa nasusukat na marka o estadistika.

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral ayon sa Pagkakakilanlan sa Sarili, Pagpapahalaga; Empatiya, Panlipunang Kamalayan, at Paglinang ng Damdamin, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Ipinapakita ng resulta na ang iba't ibang dimensyon ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa pamamagitan ng Pelikulang Pangkasaysayan ay may makabuluhang kaugnayan sa ilang aspeto ng pagkatao ng mga mag-aaral.

Ang bisa ng pelikula sa damdamin ay may malakas na positibong ugnayan sa Pagkakakilanlan sa Sarili (r = .459, p = .000), na nagpapakita na ang damdaming nabuong karanasan sa pelikula ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mas makilala ang sarili.

Gayundin, ang bisa ng pelikula sa pag-iisip ay may makabuluhang kaugnayan sa Pagkakakilanlan sa Sarili (r = .518, p = .000) at Pagpapahalaga (r = .581, p = .012), na nagpapahiwatig na ang kritikal na pag-iisip at pagsusuri ng pelikula ay nagpapalalim sa kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at sa pagpapahalaga sa mga aral mula sa kasaysayan.

**Talahanayan 25**
***Makabuluhang Kaugnayan ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Paghubog sa Pagkatao ng mga Mag-aaral***

| ***Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan*** | | **Pagkakakilanlan sa Sarili** | **Pagpapahalaga** | **Empatiya** | **Panlipunang Kamalayan** | **Paglinang ng Damdamin** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Bisa ng pelikula sa Damdamin | Pearson Correlation | .459** | .510 | .371 | .613 | .212 |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .253 | .265 | .232 | .140 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Pag-iisip | Pearson Correlation | .518** | .581** | .550 | .455 | .377 |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .012 | .279 | .254 | .436 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Kaasalan | Pearson Correlation | .637** | .603** | .372 | .411 | .420 |
| | Sig. (2-tailed) | .004 | .002 | .123 | .093 | .276 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Lipunan | Pearson Correlation | .448** | .614** | .432 | .648 | .527 |
| | Sig. (2-tailed) | .001 | .001 | .164 | .074 | .389 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |

Ang bisa ng pelikula sa kaasalan ay makabuluhang kaugnay sa Pagkakakilanlan sa Sarili (r = .637, p = .004) at Pagpapahalaga (r = .603, p = .002), na nagbibigay-diin na ang mga aral sa moralidad at kaugalian ay positibong nakaaapekto sa personal na pag-unlad ng mga mag-aaral.

Bukod dito, ang bisa ng pelikula sa lipunan ay may makabuluhang ugnayan sa Pagkakakilanlan sa Sarili (r = .448, p = .001) at Pagpapahalaga (r = .614, p = .001), na nagpapakita na ang pagkaunawa sa papel ng indibidwal sa lipunan at sa mga suliraning panlipunan ay nakatutulong sa holistic na paghubog ng pagkatao.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos na ang Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan gamit ang Pelikulang Pangkasaysayan ay epektibong nagpo-promote ng Pagkakakilanlan sa Sarili, Pagpapahalaga, at pagpapalawak ng panlipunang kamalayan ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa Deskriminatibo na pag-unawa,

Kaswal na pag-unawa, Komprehensibong pag-unawa, Pagpapasya at Paninindigan, at Kritikal na pag-unawa, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Ipinapakita ng datos na ang iba't ibang dimensyon ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan gamit ang Pelikulang

Pangkasaysayan ay may positibong ugnayan sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang bisa ng pelikula sa damdamin ay may positibong kaugnayan sa lahat ng aspeto ng pag-unawa, lalo na sa kritikal na pag-unawa (r = .522), bagaman hindi lahat ng relasyon ay estadistikang makabuluhan sa $p \leq 0.05$.

Ang bisa ng pelikula sa pag-iisip ay may makabuluhang kaugnayan sa kritikal na pag-unawa (r = .550, p = .040), na nagpapakita na ang pagpapalalim ng analitikal at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay naiaangat ng pagsusuri ng pelikula.

**Talahanayan 26**

***Makabuluhang Kaugnayan ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Pagpapalalim sa Pag-unawa ng mga mag-aara***

| *Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan* | | Deskriminatibo na pag-unawa | Kaswal na pag-unawa | Komprehensibong pag-unawa | Pagpapasya at Paninindigan | Kritikal napag-unawa |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Bisa ng pelikula sa Damdamin | Pearson Correlation | .543 | .337 | .257 | .275 | .522 |
| | Sig. (2-tailed) | .171 | .127 | .141 | .216 | .388 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Pag-iisip | Pearson Correlation | .650 | .538 | .242 | .463 | .550* |
| | Sig. (2-tailed) | .321 | .500 | .470 | .397 | .040 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Kaasalan | Pearson Correlation | .676 | .406 | .215 | .294 | .367** |
| | Sig. (2-tailed) | .078 | .215 | .278 | .190 | .022 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |
| Bisa ng pelikula sa Lipunan | Pearson Correlation | .628 | .530 | .295 | .480 | .455** |
| | Sig. (2-tailed) | .149 | .295 | .374 | .234 | .017 |
| | N | 42 | 42 | 42 | 42 | 42 |

Ang bisa ng pelikula sa kaasalan ay may makabuluhang kaugnayan sa kritikal na pag-unawa (r = .367, p = .022), na nagbibigay-diin na ang moral at etikal na aral sa pelikula ay nakatutulong sa mas malalim na pagsusuri at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin, ang bisa ng pelikula sa lipunan ay may makabuluhang kaugnayan sa kritikal na pag-unawa (r = .455, p = .017), na nagpapakita na ang pagkaunawa sa papel ng indibidwal at lipunan sa kasaysayan ay nakatutulong sa mas malawak at masusing interpretasyon ng mga pangyayari.

Sa kabuuan, ang Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan gamit ang Pelikulang Pangkasaysayan ay epektibong nakapagpapalalim ng deskriminatibo, kaswal, komprehensibo, pagpapasya at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral, partikular sa aspeto ng kritikal na pag-unawa.

**Pagsusuri ng Paghahambing sa Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral $F(5, 37) = 1.223$, $p = .318$. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagsasanay sa panunuring pampanitikan ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* ($M = 129.37$, $SD = 24.40$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .318$).

**Talahanayan 27**
***Makabuluhang Epekto ng Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Source | *df* | *SS* | *MS* | *F* | *p* | *M* | *SD* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Pagsasanay* | 5 | 3546 | 709.2 | 1.223 | .318 | 4.70 | 0.34 |
| Residual | 37 | 21462 | 580.1 | | | 129.37 | 24.40 |
| Total | 42 | 25008 | | | | | |

*Note: M* = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

| *Regression Statistics* | |
|---|---|
| Multiple R | 0.377 |
| R Square | 0.142 |
| Adjusted R Square | 0.026 |
| Standard Error | 24.08 |
| Observations | 43 |

ANOVA

| | *df* | *SS* | *MS* | *F* | *Significance F* |
|---|---|---|---|---|---|
| Regression | 5 | 3546 | 709.2 | 1.223 | 0.318 |
| Residual | 37 | 21462 | 580.1 | | |
| Total | 42 | 25008 | | | |

| | *Coefficients* | *Standard Error* | *t Stat* | *P-value* | *Lower 95%* | *Upper 95%* | *Lower 95.0%* | *Upper 95.0%* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Intercept | 206.6 | 69.93 | 2.955 | 0.005 | 64.95 | 348.3 | 64.95 | 348.3 |
| X Variable 1 | 9.971 | 13.85 | 0.72 | 0.476 | -18.09 | 38.03 | -18.09 | 38.03 |
| X Variable 2 | 19.03 | 14.67 | 1.297 | 0.203 | -10.69 | 48.74 | -10.69 | 48.74 |
| X Variable 3 | -27.72 | 17 | -1.631 | 0.111 | -62.16 | 6.715 | -62.16 | 6.715 |
| X Variable 4 | 8.63 | 14.25 | 0.606 | 0.548 | -20.24 | 37.5 | -20.24 | 37.5 |
| X Variable 5 | -26.57 | 17.32 | -1.535 | 0.133 | -61.66 | 8.51 | -61.66 | 8.51 |

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang pagsasanay sa panunuring pampanitikan sa pagganap ng mga mag-aaral $F(5, 37) = 1.223$, $p = .318$. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagsasanay sa panunuring pampanitikan ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* ($M = 129.37$, $SD = 24.40$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .318$).

Sa kabuuan, ang sintesis ay nagpapakita na bagaman mahalaga ang pagsasanay sa panunuring pampanitikan bilang bahagi ng kurikulum, hindi ito awtomatikong nagreresulta sa pagtaas ng performance ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na maaaring may iba pang salik—tulad ng interes, motibasyon, estilo ng pagtuturo, at pandamdaming domeyn—na mas nakaaapekto sa kanilang pagkatuto. Kaya't mahalagang isaalang-alang ng guro ang holistikong estratehiya na hindi lamang nakatuon sa pagsasanay kundi sa kabuuang karanasan ng mag-aaral sa pagkatuto.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

Ang Pelikulang Pangkasaysayan ay may makabuluhang positibong ugnayan sa paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinapahiwatig nito na ang Pelikulang Pangkasaysayan ay maaaring maging epektibong kasangkapan sa paglinang ng pagkatao, partikular sa pagpapalakas ng empatiya, pagpapahalaga, at kamalayan sa sarili.

Sa usapin naman ng pagpapalalim sa pag-unawa, natukoy isang elemento lamang ang may makabuluhang positibong ugnayan sa pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Isinasaad ng pag-aaral na ang sistematikong pagpapalitan at aplikasyon ng Teorya/Dulog ay nakapagpapalalim ng kaalaman at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang Pelikulang Pangkasaysayan, kapag ginamitan ng teoretikal na

pag-aanalisa, ay epektibong pantulong sa pag-unawa ng mga estudyante.

Samantalang, sa aspeto ng pagganap ipinakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pelikulang Pangkasaysayan, kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap. Isinasaad ng pag-aaral na ang paggamit ng Pelikulang Pangkasaysayan ay hindi direktang nakaaapekto sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit. Ipinapahiwatig nito na ang pelikula ay mas epektibo sa aspeto ng pagkatao at pag-unawa kaysa sa akademikong marka.

Tungkol naman sa Pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan ipinakita rin na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Panunuring Pampanitikan at paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap din. Isinasaad ng pag-aaral na ito, ang pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan ay hindi malinaw na nakaaapekto sa pagpapahalaga, empatiya, at kamalayan ng mga mag-aaral.

Gayundin, ipinakita na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan at pagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap. Isinasaad ng pag-aaral na ang pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan ay hindi lubhang nakapagpapalalim ng deskriminatibo, kaswal, komprehensibo, pagpapasya, o kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa huli, ipinakita ng resulta na walang makabuluhang epekto ang pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap. Isinasaad ng pag-aaral na ang pagsasanay sa Panunuring Pampanitikan ay hindi malinaw na nakaaapekto sa akademikong marka, at maaaring mas maging epektibo kung isasama sa iba pang interaktibong estratehiya.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Inirerekomenda sa mga guro na isama ang Pelikulang Pangkasaysayan sa aralin sa Filipino at iba pang asignatura upang mapaunlad ang pag-unawa at pagkatao ng mga mag-aaral. Magbigay ng gabay at structured activities sa panunuring pampanitikan upang matulungan ang mga mag-aaral na mas malalim na ma-analisa ang tauhan, simbolismo, tema, at mensahe ng pelikula.
2. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na aktibong lumahok sa panonood at pagsusuri ng Pelikulang Pangkasaysayan upang linangin ang kritikal na pag-iisip, malalim na pag-unawa, at pagkilala sa sariling pagkatao at pananaw sa lipunan.
3. Inirerekomenda sa mga kurikulum developer na isama ang makabuluhang historikal at kontemporaryong pelikula sa mga asignatura upang higit na maengganyo ang mga mag-aaral sa pagkatuto at pagpapalawak ng kaalaman sa kultura at kasaysayan.
4. Iminumungkahi sa mga gumagawa ng pelikula na bumuo ng mga edukasyonal at makabuluhang pelikula na may temang pangkasaysayan na may positibong epekto sa kabataan, lalo na sa pagpapalawak ng empatiya at pagpapahalaga sa lipunan.
5. Inirerekomenda sa mga tagapagtaguyod ng edukasyon at kultura na gamitin ang Pelikulang Pangkasaysayan bilang instrumento sa pagpapalaganap ng kasaysayan, pagpapahalaga, at paghubog ng kabataang may kamalayan at paninindigan.
6. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik na gamitin ang pag-aaral na ito bilang sanggunian sa mas komprehensibong pananaliksik, at maaari ring tuklasin ang iba pang baryabol at bagong aspeto sa pag-aaral ng pelikula at edukasyon.

## SANGGUNIAN

*Geraldizo, B. P. Jr., Sumicad, R. P., Geraldizo-Pabriga, M. G., & Romagos, A. P. (2023). Film and streaming media as resource in learning readings in Philippine history. British Journal of Teacher Education and Pedagogy, 2(3), 35mula sa . https://doi.org/10.32996/bjtep.2023.2.3.4*